



タガログ語版

- . {Talaan ng mga magulang ukol sa mga batas ng paaralan}
- . Magulang dapat ang nag-aalaga sa mga anak
- . {Ang larawang nasa taas ay nagsasaad tungkol sa magulang at anak na sabay natatamaan nagsinag nga araw habang inaalagaan ang lumalaking anak



—Pagpapalaki ng anak, pati na rin ang sarili— 3 Gabay

Turuang maging mabuting anak.

*Ang bata ay bahagi at miyembro ng komunidad. Patubayan at turuan ng tama ng sa gayon ay maging maganda ang kanyang kinabukasan .

Sabay-sabay sa oras ng pagkain.

*Sanayin ng bawat miyembro ng pamilya na 「maagang matulog。 maagang magising。 agahan...」

Kinakailangan ang komunikasyon ng magulang at ng anak.

*Ang pundasyon ng pagpapalaki ng anak ay nasa komunikasyon.Sanayin na magkaroon ng pag-uusap o kwentuhan.,Kahit saan ,sa ibat-ibang oras o paraan , depende sa lugar o sitwasyon ay kailangan ang pag-uusap ng mag-anak

<Turuan maging {mabuting anak}>

1. Dapat maging magandang halimbawa ang mga magulang

Bakit?

Ang ugaling nakikita sa magulang ay nagdudulot ng malaking impluwensyang naghuhubog sa buhay ng anak.

Sa anong paraan dapat ipakita sa mga bata ang magandang halimbawa?

Ituro at ipaalam sa mga bata ang kahalagahan ng buhay ng bawat isa.

Sundin ang kunsensya, at para magkaroon ng magandang kinabukasan ay kinakailangan magtiis ng hirap para makamtan ito.

☆ May kasabihan na { kahit hindi makinig ang mga anak sa sinasabi ng magulang,basta gayahin ang ginagawa ng mga magulang} mahalaga ang pangaral ng magulang,pero mas mahalaga ang ginagawa ng mga ito dahil araw araw nakikita at ginagaya ng mga bata.

☆. Parating banggitin [nag iisa ka lang sa mundong ito,wala kang kaparis] mahalaga ang mga salitang ito para sa kanila,para maramdaman nila na may nagmamahal sa kanila.[pahalagahan ang sarili] pero kinakailangan din may respeto sa kapwa.

2. Turuang magtiis

Bakit?

Kapag marunong magtiis ang isang bata makontrol niya ang kanyang damdamin at ang mga nangyayari sa kanyang kapaligiran.

Papano niya magagawa ito?

Magagawa niya ito sa tulong kooperasyon ng buong pamilya; huwag pababayaang maging makasarili ito.

☆.Turuang magtiis kapag wala,ituro ang tamang batas ng kapaligiran at komunidad.

Hindi matatawag na pagmamahal kung ibibigay ang lahat ng hinihingi ng isang anak.

☆ .Kinakailangan bigyan ng limitasyon ang oras ng paggamit ng telebisyon,computer,games at video.

3. Turuang sumunod sa tamang batas ng komunidad at kapaligiran.

Bakit?

Kinakailangang matotong gumalang at sumunod sa mga batas ng kapaligiran preparasyon sa kanilang paglaki.

Papano nila magagawa ito?

Maging magandang halimbawa ang mga magulang o ang mga nakakatanda sa kanila

. Marami sa atin ang merong ganitong isip, 'Bata pa naman, hindi pa kailangan'. Pero mas magandang habang maliit pa ay makaugalian na kung paano magtiis.

< Sanaying kumain ng sabay sabay >

.4. Gawing pundasyon ang magandang pag uugali

Bakit?

Alagaan ang kalusugan at ituro ang tamang pamamaraan ng pamumuhay, para mapaghandaan ang kanilang paglaki

Papano magagawa ito?

Magkasamang ugaliin ng anak at magulang ang tamang pamamaraan sa araw-araw na pamumuhay. Masayang nagkukwentuhan habang sabay sabay kumakain.

< Kapag nasa mababang paralan na ng elementarya >

- ① Ituro at ugaliin ang tamang pamamaraan ukol sa pagkain.
- ② Ituro at ugaliin na gawin sa tamang oras ang mga bagay sa araw araw na pamumuhay.
- ③ Suportahan at sanayin na mag-aral ng leksyon.
- ④ Turuan para matotong ayusin ang sariling mag-isa.
- ⑤ Turuan na maging maayos sa gamit at matotong magligpit pagkatapos gamitin.

< Mahalaga ang komunikasyon ng mga magulang at anak >

5. Bigyan ng oras ang pakikipaglaro sa mga anak, at pabayaang silang tumayo sa sarili nilang paa.

Bakit?

Sa pamamagitan ng paglalaro, mauupisahan nilang mararamdaman ang kanilang kalayaan.

Papano nila magagawa ito?

Lumabas kasama ang mga anak at makisali sa mga palaro

Basahan ng aklat ang mga bata

- ☆. Magkakaroon din ng komunikasyon ang mga magulang at anak habang sila ay naglalaro. Parating pakinggan ang kanilang mga sinasabi at mga tanong.

- ☆ Maganda rin parating basahan ng aklat ang mga bata, isama sila sa mga bilihan ng mag libro, sa mga silid aklatan at parating itanong kung ano at kung naintindihan ba nila ang kanilang mga binabasa.
Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga libro, madadagdagan ang kanilang kaalaman sa pagsasalita at pakikipag usap sa kapwa.

6 Turuang tumulong sa mga gawaing bahay at sa kapwa

Bakit?

Turuang tumulong sa mga gawain at sa kapwa para magkaroon sila ng lakas ng loob at disposisyon sa kanilang sarili.

Papano nila magagawa ito?

Kakailanganin nila ang suporta ng pamilya, kahit magkamali man sila ay huwag papagalitan sa halip ay purihin at suportahan pa ito.

- ☆ Ipaalam din sa mga anak na mahalaga ang tumutulong sa gawaing bahay at tumulong sa kapwa, preparasyon para sa kanilang paglaki at pakikipag kapwa pag lumaki na sila.

- ☆ Luluwag at magiging magandang pag-uugali tumulong na bata sa mga gawaing bahay at sa kapwa tao, Sumali sa mga palabas kasama ang mga anak, at kinakailangan din makipag kapwa tao sa mga Kapitbahay kung saan kayo nakatira.

10 pangaral ng mga magulang

1. Umpisahan ang araw ng pagbati ng { magandang araw}
2. { magpasalamat} at { magpaalam} bago kumain
3. magsabi ng { aalis nap o ako} at { bumalik napo ako} bago umalis at dumating ng bahay
4. ayusin ang mga sapatos pagkatapos hubarin ito
5. tuparin pag nangako ng isang bagay
6. pahalagahan ang mga bagay
7. tumulong sa magulang kahit isang gawain lang
8. manghingi ng { paumanhin} kapag may ginawang kasalanan
9. huwag kalilimutang { magpasalamat}
10. magsabi ng{ matutulog napo ako} bago matulog

Sana makatulong itong {talaan ng mga mgulang},maituro sana sa mga bata ang lahat ng nakasulat ditto.Hinahangad naming { mismong mga magulang,ang mag aalaga sa kanilang mga anak}